ISSN:2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

MAIL PERMIT NO. 2C-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.38 | Enero 27-Pebrero 2, 2020 | P10.00



KATHRYN BERNARDO, MAHAL ANG KANYANG MGA FANS p.9

*Nasa poder na ng DOH...*

# SOUTHERN TAGALOG REGIONAL HOSPITAL SA CAVITE

pahina 2





**CAVITE PROVINCE PUBLISHERS LEAGUE INC.** Munting tulong sa biktima ng Bulkang Taal na nakalikas sa Tagaytay City at Imus City, Cavite

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

### Nasa poder na ng DOH…

# SOUTHERN TAGALOG REGIONAL HOSPITAL SA CAVITE

**HINDI na kailangan pang dumayo ang isang pasyenteng Cavitenyo sa Maynila, Batangas o Las Pinas upang magpakunsulta.**

Ito ay makaraang pormal nang isinalin ng Local government ng Bacoor City ang pangangasiwa sa Department of Health (DOH) ang Southern Tagalog Regional Hospital (STRH).

Ayon kay DOH-CALABARZON (Cavite Laguna Batangas Rizal Quezon) Regional Director Eduardo Janairo, sa paglilipat sa DOH ang pangangasiwa ng STRH ay higit na mabibigyang ng atensiyon ang serbisyong medikal sa mga Caviteno dahil magiging national na ang gagamiting pondo.

"I applaud the Cavitenos for initiating the establishment of this facility and envisioning a public hospital that will accommodate the medical needs especially of the unrprivileged sector of our society," ayon kay Janiaro.

Dagdag pa ni Janaiaro na sa paglilipat ng pangangasiwa ng DOH, ang STRH ay dadami ang mga nurses, doctors, mga katulong na utilities dahil sa pag-apruba ng P81 miliyon personal services ng hospital na habang P41 milyon naman maintenance services na pondo para magoperate at malalagyan na rin ng dialysis, eye center at Malasakit Center.

Ang STRH na matatagpuan sa Salinas 2, Bacoor City, Cavite ay dating Bacoor District Hospital sa ilalim ng pangangaiswa ng local government ng Bacoor City hanggang sa pamunuan ito ni Representative Strike Revilla na mapasailalim ng pangangsiwa ng DOH noong 17th Congress noong 2016.

Kabilang sa kasalukuyang serbisyong medikal ng STRH ay ang outpatient consulatation para sa Pediatrics, Medicine, OB/ Gyne at Surgery. Mayroon din itong clinical laboratory para sa blood services, pharmacy, X-Ray bservicesat Ultrasound at mayrooon ding dental, family planning, new born screening na may hearing test, VIA examination n para sa cervical cancer at animal bite treatment.

Kabilang sa mga dumalo sa turn over ceremony at ribbon cutting sina Bacoor City Mayor Lanie Mercado, Cavite Vice Governor Jolo Revilla, dating Senator JV Ejercito , Rep. Angelina Tan ng 4rt District ng Quezon at iba pang mga opsiyal ng DOH at opisyal at empleyado ng STRH.

Ang STRH ang nag-iisang ospital sa Cavite na pangangasiwaan ng DOH kaya karamihan sa mga pasyente ay dumarayo pa sa Batangas o Las Pinas upang magpagamot. **GENE ADSUARA**

# PAKIUSAP NI ISKO SA MGA OPISYAL NG BARANGAY

Nakiusap si Manila Mayor Isko Moreno sa mga opisyal ng barangay na magsimula sa simpleng pagbabago, magsakripisyo para itama ang mga maling nakagisnan para pamarisan ng nasasakupan.

"Magsimula tayo sa simple. Gawing malinis, maaliwalas at panatag ang Maynila. Tatamaan tayo ng konting sakripisyo, may babaguhin sa dating ginagawa. Hindi porke ang isang gawain ay nakagisnan na, eh tama na. Walang masamang sumubok ng kakaibang bagay," anang alkalde nang pulungin ang mga opisyal ng barangay kamakailan.

Magiging mabisa umano ang pakiusap, konting papawis tulad ng regular na paglilinis sa barangay para pamarisan ng mga makakapansin at makokonsensiya.

"Pagkatapos ng laway (pakiusap), pawis-pawis naman. Gawin nating regular ang paglilinis sa barangay at baka mahiya ang kapitbahay dahil nakitang naglilinis si chairman, si secretary, si tanod," ani Moreno.

Naniniwala si Moreno na kung ang nasa 10,000 barangay officials ay makikiisa sa layunin ng local na pamahalaan ay siguradong panalo ang bayan. **(leonard basilio)**

# SERIES OF MEDICAL AND DENTAL MISSIONS IN ALFONSO

Three medical and dental missions were simultaneously conducted in Alfonso, Cavite on January 16, 2020 to cater to the needs of the victims of Taal volcano eruption coming from Batangas province currently sheltered in the municipality. The medical team of General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital headed by Dr. Eunice Derequito with the doctors from General Trias Rural Health Unit served 35 patients at Alfonso Central School, the town's main evacuation area.

Meanwhile, 17 patients were treated at Barangay Matagbak by volunteer doctors from the GEAMH headed by Dr. Dona Molato together with the medical mission team of EAC Medical Center-Cavite headed by Dr. Benzon Mangubat, and volunteer nurses.

The other team of doctors from GEAMH treated 116 patients at Alfonso municipal covered court. All the patients underwent checkup and consultation and were provided with prescribed medicines and vitamins. Barangay Health Workers of Alfonso also assisted in the mission.

Donations coming from the Cavite Medical Society and PAGCOR for the evacuees in Alfonso were turned over to Mayor Randy Salamat who also thanked the PGC for the mission. **(PICAD)**

# Talent fee ni 'Yorme, dinonate

Ibabahagi na lamang ni Manila Mayor Isko Moreno sa mga pamilyang apektado ng pagputok ng Bulkang Taal ang kanyang talent fee na aabot sa P4 milyon.

Kamakailan ay pumirma si Moreno ng kanyang kontrata sa kompanyang Novuhair. Dalawang mil¬yon ang kontrata niya rito na ibibigay niya para sa lalawigan ng Batangas.

Nabatid na ang P2 milyon pa na mula naman sa KJA Food Summit Corporation ay inilaan naman ni Moreno sa mga biktima ng Taal.

Ayon kay Moreno, marami pang kailangan ang mga taga-Batangas lalo na at hindi maikakaila ang lawak na dulot ng pagsabog ng bulkan at ashfall sa mga kabahayan, pananim at hayop.

Sa huling abiso ng Phivolcs, nananatili pa rin sa Alert Level 4 ang Bulkang Taal. **(leonard basilio)**

# ELEVATING HEALTHCARE SERVICES FOR GENTRIAS RESIDENTS

Enthusiastic to deliver healthcare services to the residents of General Trias, the provincial government of Cavite thru the Office of the Provincial Governor – Extension and the Provincial Health Office, together with the City Health Office of Gen. Trias once again visited the locals of Barangay San Juan 1 on January 17, 2020 to carry the medical and dental mission program on their vicinity.

On behalf of Congressman Jonjon Ferrer, Mayor Ony Ferrer, Vice Mayor Morit Sison and members of the Team Gentri, Board Member Kerby Salazar with JCI Gentrias Katipunan 2017 President Kyle Salazar articulated their gratefulness to the provincial government for relentlessly accommodating their request in giving the basic healthcare services to indigent members of their community. Likewise, mothers were given distinct attention during the mission as employees of the Cavite Population Office mingled with them to converse the benefit of knowing the proper birth spacing and control.

Also in attendance during the mission were the members of the barangay council and barangay health workers who also assisted the medical team. **(PICAD)**

# JBC OPENS APPLICATION TO SC, CA SLOTS

**MANILA** -- The Supreme Court (SC) on Monday announced that the Judicial and Bar Council (JBC) is now accepting applicants for the position of SC Associate Justice and Court of Appeals (CA) Presiding Justice.

The vacancy in the SC will come with the pending compulsory retirement of SC Justice Andres B. Reyes Jr. on May 11.

The CA vacancy, on the other hand, is the vacancy following Presiding Justice Romeo R. Barza's compulsory retirement last August 2.

President Rodrigo Duterte has made 13 appointments to the SC. Two of them have already retired -- Associate Justices Samuel Martirez, and Noel Tijam -- while two others will reach mandatory retirement this year -- Andres Reyes in May, and Jose Reyes Jr. in September.

Interested applicants to the posts may visit the official JBC website www.jbc.judiciary.gov.ph and access the Online Application Scheduler for the guidelines, documentary requirements, and other pertinent details. **(PNA)**



Naging patok ang tikoy sa Chinatown, Binondo, Manila partikular sa puwesto ni Mr.Gerick Chua na pinilahan ng mga bumibili kaugnay ng pagdiriwang ng Chinese Year of the Rat. **JIMMY HAO**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Abangan na lamang

**MAKABULUHAN** ang thanksgiving speech ni PNP Chief P/Gen. Archie Francisco Gamboa.

Si Gamboa ay pormal na naupo bilang ika-23 hepe ng Philippine National Police.

Ang babala niya sa mga tauhan ay tiyak na mayroong paglalagyan ang mga tiwali sa ilalim ng kanyang liderato.

Paiiralin ni Gamboa sa panahon ng kanyang pamumuno ang No Take Policy.

Mahigpit ang kanyang babala na huwag tatanggap ng tulong sa mga drug lord.

Binalaan ang mga tauhan, ibig sabihin talaga ay naghahari pa rin ang mga drug lord sa bansa.

Pero tiniyak naman ni Gamboa na hindi nila tatantanan ang mga drug lord.

Gayundin ang mga personalidad na may kaugnayan o nasasangkot sa iligal na droga.

Pagpapakita ito ng PNP ng kanilang pagtupad sa kautusan ni Pangulong Rodrigo Duterte.

Ngayong ganap na PNP chief na si Gamboa ay maghintay po tayo sa magiging performance ng pulisya sa usaping droga.

Kung makakasilo kaya ang PNP na malalaking isda na sangkot sa drugs.

May lilitaw kayang malalaking pangalan o personalidad maging sa hanay ng kapulisan?

Abangan na lamang po.

Tama ang sabi ni Gamboa na dapat irespeto ng mga pulis ang kanilang mga Senior Officers.

Pero kailangan ay karapatdapat ngang igalang ang Senior Officers.

Ibig sabihin, paanong igagalang ang opisyal kung alam ng mga tauhan ang kabuktutan nito.

Wastong kasuotan ng PNP uniform ay hindi rin nakalimutan ni Gamboa na ipinaalala sa lahat ng pulis.

Tungkol naman sa administrative case/s na kinakaharap ng mga pulis.

May plano o isinusulong ang ating bagong PNP chief hinggil dito.

Nais ni Gamboa na mas mapabilis ang pagdinig sa mga kinahaharap na kasong administratibo ng mga pulis.

Mula sa dating isang buwan ay hangad ng hepe ng Pambansang Pulisya na maging 15 araw na lamang.

## Manila Bay Clean-up, A Legacy of the Community - DENR Rizal Head Mercado

The community's participation in the environmental activities, including the clean up and maintenance of the cleanliness of the Manila Bay tributaries, may become their legacy, Department of Environment and Natural Resources (DENR) Rizal head Isidro Mercado said during a clean-up drive along Hulong Bangiad Creek in Brgy. San Juan, Taytay, Rizal on January 17, 2020 in advance celebration of the first anniversary of the #BattleForManilaBay.

Mercado said the residents could make an impact in the lives of the other communities and of the future generations through their active, unceasing and sincere efforts to take care of the environment.

"Dapat may isang bagay na ginagawa ka na hindi malilimutan. Siguro, ito na 'yon. Ipakita natin sa ibang lugar na mahal natin ang ating kapaligiran", Mercado urged Brgy. San Juan locals.

Jointly organized by the DENR-PENRO Rizal and the Municipal Environment and Natural Resources Office of Taytay, Rizal headed by MENRO Rodolfo De Leon, Jr., the clean-up activity was participated in by a total of 155 persons from the Cash-for-Work Program of the Department of Social Welfare and Development, Municipal and Barangay Government Offices, Exan Builders Corporation, Atgas Compressed Gas Corporation, Marcbuild Construction, Inc., and Damayan Homeowners Association.

The activity was also graced by Rizal Provincial Vice Governor Reynaldo San Juan, Jr., Rizal Board Member Jun Cabitac, Municipal General Services Officer Vic Badagwas, Brgy. San Juan Chairperson Rasel Valera, and Purok 17 Chairperson Marlon Gocalin. The volunteers were able to collect a total of 1,207 kg of solid waste along an 867-m stretch of the creek. Rizal Vice Gov. San Juan reinforced Mercado's call saying, "Sana ang ating responsibilidad sa pangangalaga ng ating kalikasan ay tumimo sa isip, sa puso, sa salita at, higit sa lahat, sa gawa. Hindi lang puro salita, dapat ang bawat isa dito ay makiisa at tumulong". He said, for six years now, the Provincial Government of Rizal is 'slowly but surely' doing activities towards the rehabilitation of the province's water bodies through their OPLAN BUSILAK (Buhayin ang Sapa, Ilog, Lawa at Karagatan) under the YES (Ynares Eco-System) to Green Program of Governor Nini Ynares in support of the programs of the Department. Another clean-up drive will be conducted along San Cristobal River in Calamba, Laguna on January 24, 2020 in advance celebration of the Manila Bay Rehabilitation Program. The actual celebration will be undertaken on January 26, 2020, 6:00 am at BASECO Compound, Manila






# EDITORYAL

## Taimtim na pagdarasal

**SA papasok na buwan ay gagampanan na ni Manila Archbishop Cardinal Luis Antonio Tagle ang bagong trabaho na iniatang sa kanyang balikat.**

**Ang arsobispo ay itinalaga ni Pope Francis bilang Prefect of the Congregation for the Evangelization of Peoples.**

**Sa isinagawang misa ay inihayag ni Tagle na siya ay magiging isa ng overseas Filipino worker (OFW) kasabay ng pagpapaalam sa kanyang lugar sa Imus City, Cavite.**

**Sa misa ni Bishop Reynaldo Evangelista, archdiocese ng Cavite, na ginanap sa Our Lady of Pilar church ay binanggit nito ang pagtatalaga ng Santo Papa para sa Manila archdiocese.**

**Ipinaabot ni Archbishop Tagle ang mahigpit na panawagan sa ating mga kababayan.**

**Ipagkaloob natin ang taimtim na pagdarasal hindi lamang para sa arsobispo kundi maging kay Pope Francis.**


**ADVERTISING RATES**

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638
**Email:** ronejed@yahoo.com
hanepppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***
papi

# KELOT TEPOK SA ISANG STICK NA 'YOSI

**NANG dahil lamang sa isang stick ng sigarilyo, pinagpapalo hanggang sa napatay ang isang lalaki ng tatlong kalalakihan sa Gen Trias City, Cavite.**

Kinilala ang biktima na si Ariel, alias "Avatar," nasa wastong taon gulang, at residente ng Brgy Santiago, Gen. Trias City.

Arestado naman ang dalawa sa tatlong suspek na sina Jay Bayani , 27, at Wilson Gragas, 33, kapwa construction worker at pansamantalang nakatira sa barracks sa Natania homes, Pasong Kawayan-2, Gen. Trias City, habang nakatakas ang kasama nila na si Nelson Dia, ng Brgy. Butong, Cabuyao, Laguna na iningusong siyang pumalo sa biktima.

Sa ulat ni PCorporal Allan John Edoria, dakong alas-11: 30 ng gabi nang naganap ang insidente sa Nathania Homes Brgy Pasong Kawayan 2 kung saan pawang naglalakad ang biktima at mga suspek.

Humirit umano ng isang stick ng sigarilyo ang biktima pero hindi nabigay ang mga suspek.

Pero muling nagkatagpo ang landas ng apat sa naturang lugar kung saan nag-iinuman ang mga suspek.

"Nang nakita ng biktima ang tatlo ay muling humirit ng isang stick ng sigarilyo pero hindi siya ulit binigyan" ayon kay Edoria.

Dito na nagalit ang biktima at habang paalis ay nagmura umano ito na ikinagalit ng mga suspek kaya hinabol siya at pinagpapalo.

Isinugod pa sa Gen Emilio Aguinaldo Hospital ang biktima pero namatay ito habang ginagamot. **GENE ADSUARA**

# Dr. Arthur Casanova, bágong fultaym na komisyoner at kinatawan ng wikang Tagalog ng KWF

**Si Dr. Arthur P. Casanova** ang bágong komisyoner para sa wikang Tagalog ng Komisyon sa Wikang Filipino. Pinapalitan niya si Pambansang Alagad ng Sining Virgilio S. Almario. Ang kaniyang fultaym na pagkakatalaga ay may bisang pitong taon o hanggang 2027.

Isa siyang premyadong edukador sa larang ng wika at lingguwístiká. Bílang manunulat, may higit 40 aklat na siya kabilang ang iba't ibang kuwentong pambata na kinikilala bilang makabuluhang ambag sa larang ng edukasyon.

Nagpamalas din siya ng kaniyang talento sa teatro bílang artista at direktor ng mahigit na 50 dulang pantanghalan. Nagbahagi rin siya ng kaniyang kakayahan at kaalaman sa pag-arte sa teatro sa mga mag-aaral at guro bílang direktor sa mga acting workshop.

Sa kaniyang pagtahak sa larang ng wika, teatro, at edukasyon, nakatanggap si Dr. Casanova ng mga pagkilala mula sa iba't ibang institusyon sa bansa kabilang ang Komisyon sa Wikang Filipino, Metrobank Foundation, National Book Development Board, at marami pang iba.

Ipagpatuloy natin ang paglilingkod para sa ating wikang pambansa at mga katutubong wika, Kom. Casanova!





(Kuha ang larawan sa Bulwagang N.L. Romualdez ng Komisyon sa Wikang Filipino habang nagpapakilala sa mga kawani ng KWF habang ang isa ay kuha sa Hukuman ng Apelasyon habang pormal na nanunumpa kay Court of Appeals OIC Presiding Justice Hon. Remedios A. Salazar-Fernando. CTTO)

# Suspek sa anim na nasawi sa sunog sa Maynila, kalaboso na

Hawak na ng Manila Fire District (MFD) ang suspek sa panunungog ng isang bahay sa panulukan ng Yuseco at Katamanan Sts., Tondo, Maynila, noong nakalipas na Huwebes ng madaling araw.

Ayon kay Arson investigator SFO4 Victor Bag-id, isasailalim sa inquest proceedings sa kasong Arson o paglabag sa Presidential Decree no. 1613 ang suspek na si Eduardo "Doy" Loteyro, sa Manila Prosecutor's Office.

Ang kaso ay non-bailable offense na may katapat na parusang habambuhay na pagkabilanggo base sa isinasaad ng PD 1613, "Sec. 5. Where Death Results from Arson. If by reason of or on the occasion of the arson death results, the penalty of Reclusion Perpetua to death shall be imposed".

Madaling araw nitong Linggo nang puntahan ni Manila Mayor Isko Moreno sa isang bahay sa Sta. Cruz, Maynila ang suspek na si Loteyro kasunod ng ipinadala nitong surrender feeler.

Agad naiturn-over sa Manila Police District-Homicide Section si Loteyro subali't ipinadala rin siya sa San Lazaro Manila Fire District Station dahil hindi ito hurisdiksyon ng Philippine National Police kundi ng Bureau of Fire Protection (BFP).

Gayunman, sinabi ni SFO4 Bag-id na ginagawa na nila ang formal request para kay MPD director P/Brig. General Bernabe Balba na mailipat ng custody sa MPD si Loteyro pagkatapos ng inquest proceedings.

Matatandaang alas-2:30 ng madaling araw nang magsimula ang apoy ng ikalawang palapag ng bahay kung saan nakatira ang suspek at nadamay ang nasa 20 pang kabahayan.

Ikinasawi ito ng mag-iinang sina Odessa Conde, 36 at mga anak na sina Yhancy Kieffer, 8; Yara Courtney, 9; at Yhexel George, 10; pinsan ni Odessa na person with disability na si Jean Paul Esguerra, 42; at isang Aquelina Romero Javana, 44 taong gulang. **(leonard basilio)**

# Lalaki, huli sa cybersex extortion

Labis-labis ang pagsisisi ng isang 20-anyos na lalaki na nagpanggap na babae sa internet para makahingi ng pera sa kanyang kliyente sa social media matapos ireklamo ng cybersex extortion.

Sa kanyang Capital Report, iniharap ni Manila Mayor Isko Moreno ang suspek na si Mark Niala, ng Sampaloc, Maynila. Sasampahan siya ng extortion sa Manila Prosecutors' Office.

Inamin ni Niala na gumawa siya ng dummy account at nagpanggap na modelong babae upang makapambiktima kapalit ng hinihinging halaga ng pera na umabot sa P4,000.

Giit ni Niala, napilitan lamang siyang gawin ito dahil na rin sa may sakit ang kanyang ama at kailangan nito ng gamot.

Inutos naman ni Moreno ang pagsundo sa ama ni Niala upang dalhin sa ospital.

Dismayado naman si Moreno sa kanyang narinig dahil linggu-linggo ay bumibili aniya ang pamahalaang lungsod ng gamot at pinabubuti ang pasilidad ng mga ospital upang walang babayaran ang sinumang pasyente.

Ayon pa sa alkalde, hindi dahilan at sapat na dahilan na dala ng ating kagipitan upang lokohin ang ibang tao. **(leonard basilio)**

# Sinita sa panununog ng basura, namalo ng ulo

**DAHIL** lamang sa pagsusunog ng basura, benda sa ulo at balikat ang inabot ng isang 40-anyos na ginang nang pagpapaluin siya ng mahabang kawayan ng kanyang kapitbahay sa Bacoor City, Cavite.

Bagama't Nakalabas na ng ospital, nakabenda pa rin ang ulo't balikat ng biktimang si Maricar Gabona, vendor, ng Ocampo compound, Brgy Zapote 3, Bacoor City dahil sa ginawang pamamalo sa kanya ng kapitbahay na si Maria Erica Amistoso, 28.

Sa ulat ni SSgt Alih Rimbang, ng Bacoor City Police Station, dakong alas- 11:00 ng umaga nang naganap ang insidente sa harapan ng bahay ng magkapitbahay.

Nauna rito, nagsunog ng mga basura ang suspek sa harapan ng kanilang bahay at dahil pumasok ang usok sa bahay ng biktima ay lumabas ito at sinita si Amistosa.

"May hika kasi ang anak ng biktima kaya sinabihan niya ang kanyang kapitbahay na huwag magsiga dahil pumapasok ang usok sa kanilang bahay," ayon kay Rimbang.

Pero imbes na nakinig ay ipinagpatuloy pa rin ang paniniga ng suspek dahilan upang magtalo ang dalawa hanggang sa paluin ng mahabang kawayan sa ulo at braso ang biktima.

Inireport naman ng biktima sa kanilang barangay ang pangyayari na nagresulta sa pagkakaaresto, pagkakakulong at pagsasampa ng kasong Less Physical Injuries sa suspek. **GENE ADSUARA**

# Chinese drug fugitive arestado ng Pulis Maynila

Arestado ang isang Chinese fugitive na may hinaharap na kasong pagbebenta at pakikipagkalakalan ng ilegal na droga sa kanyang bansa.

Kinilala ng Manila Police District Special Mayor's Reaction Team (MPD SMaRT) ang naturang suspek na si Wang Janquiang, 40, na siya namang prinisenta kay Manila Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso.

"This fellow has no place in Manila," ayon kay Domagoso.

"Sinabi ko naman sainyo, walang pilipino, walang banyaga, basta tumakas kayo sa mata ng batas sa ginawa ninyong krimen at ginagamit niyo ang maynila, malalagot kayo," dagdag niya.

Dinakip si Janquiang ng mga tauhan ng MPD SMaRT na pinangungunahan ni Police Major Rosalino Ibay Jr. at Police Major Cicero Pura noong Biyernes, ika-17 ng Enero, sa isang operasyon sa Clark, Pampanga.

Ayon kay Major Ibay, ang naturang suspek ay isang diumanong lider ng isang sindikato sa Quanzhou City, China.

Dagdag niya, mayroon pang isang kasabwat na babae si Janquiang sa ilegal na kalakalan ng droga sa Pilipinas. Siya ay kasalukuyang pinaghahanap na ng mga awtoridad, aniya. **(leonard basilio)**

# ISU JOINS PARTNERSHIP IN PRODUCTION OF HERB SUPPLEMENTS

**Isabela State University enters the pharmaceutical field as Tripartite Memorandum of Agreement was signed between the Department of Science and Technology- Region II (DOST-R02) and Bauertek Corp., this morning (January 14).**

Bauertek Corp. is the first Filipino-owned pharmaceutical firm, manufacturing herbal supplements that aid treatment of various diseases.

It was founded by the company's current general manager Mr. Richard Nixon Gomez, who participated in the MOA Signing, together with University President Dr. Ricmar Aquino, and DOST-Isabela Director Marcelo Miguel, representing Engr. Sancho Mabborang of DOST-R02.

The University will play part in the area of research, producing knowledge inputs to maximize efficiency of raw materials used in the making of herbal supplements. The University will also be housing facilities and machineries for the pre-production and processing phase.

It would mobilize the University's extension arm as said undertaking aims to engage local farmers in the production of raw materials, helping them economically. The efforts would be backed by DOST, supporting the arranged initial financial matters, together with the provision of technical and technology support.

Some 10-hectare area of the Echague Main Campus was dedicated as initial model plantation of "Malunggay", one of the herbal plants needed, for further study and strategical measures regarding development and expansion concerns. Filipino Chinese Chamber, thru Board of Regents member, Private Sector Representative Mr. Charles T. Lim, promised a building that would accommodate the needed equipment.

In a speech, President Ricmar Aquino expressed gratitude for choosing ISU as the SUC partner. He believes that the University can be able to deliver its counterpart, as it currently leads the region in R&D field.

The University President also viewed the undertaking as a way to "provide better opportunities for Isabelinos, especially the farmers". He added, "I am confident that as this collaboration prospers, the farmers will be equally benefited".

The forging of MOA was an off-shoot from President Aquino's meeting with Dr. Gomez and DOST Secretary, Dr. Fortunato Dela Peña in Pampanga last year.



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURT JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
BRANCH 20
IMUS, CAVITE

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
Mortgagee,
-versus-
**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C. NO. 16865-19**

**ELLEN B. RAMOS married to EUGENIO S. RAMOS,**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND** with principal place of business at 2/F JELP Business Solutions Center, No. 409 Shaw Blvd. Mandaluyong City, against **ELLEN B. RAMOS married to EUGENIO S. RAMOS**, with residence address at Lot 60 Blk.9, Ph A, The Legian Imus Subd. Carsadang Bago II, Imus, Cavite/ 191 Capt. Paredes St., Poblacion, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 5, 2019 amounts to **SIX HUNDRED SEVENTY FOUR THOUSAND FIVE HUNDRED FOURTY FOUR PESOS & 86/100 (Php 674,544.86),** Philippines Currency, excluding interest and penalty charges,attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **February 11, 2020 at 10:00 a.m.** or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Bulwagan Ng Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for cash and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2011003627**

A PARCEL OF LAND (LOT 60 BLOCK 9, OF THE CONSOLIDATION AND SUBDIVISION PLAN. PCS-04-023917, BEING A PORTION OF LOTS 1313, (RS-04-004172), 1315, (RS-04-004439) AND 1314, IMUS ESTATE, SITUATED IN THE BO. OF CARSADANG BAGO II, MUNICIPALITY OF IMUS, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE SE., ALONG LINE 1-2 BY ROAD LOT 18, ON THE SW., ALONG LINE 2-3 BY LOT 58 BLOCK 9; ON THE NW., ALONG LINE 3-4 BY LOT 59, BLOCK 9, ON THE NE., ALONG LINE 4-1 BY LOT 61, BLOCK 9, ALL OF THE CONS.-SUBD. PLAN BEGINNING AT A POINT MARKED "1" x x x CONTAINING AN AREA OF **THIRTY SIX (36)SQ. METERSx x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **February 18, 2020 at 10:00 a.m.** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, November 11, 2019

**ANSELMO P. PAGUNSAN, JR**
Sheriff IV

APPROVED:
**REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
2/F JELP Business Solutions Center,
No. 409 Shaw Blvd. Mandaluyong City

**SPS. ELLEN B. RAMOS & EUGENIO S. RAMOS**
Lot 60 Blk.9, Ph A, The Legian Imus Subd. Carsadang Bago II, Imus, Cavite/191 Capt. Paredes St., Poblacion, Imus, Cavite

**Publication: HANEP** January 13, 20 and 27, 2020

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFICIO SHERIFF
IMUS, CAVITE

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
Mortgagee/Assignee,
-versus-
**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

**F.C. NO. 16920-19**

**HERMILA P. NOLASCO, for herself and As Atty.-in-Fact of her husband, RAMON C. NOLASCO**
Mortgagors,
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION** , Mortgagee/ Assignee, with principal place of business at 7/F Filomena Bldg., 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City against **HERMILA P. NOLASCO, for herself and as Atty.-in-Fact of her husband, RAMON C. NOLASCO,** with residence and postal address at Lot 159-C Cecilia Curve, Don Jose Green Court, Sucat Parañaque City and/or Lot 17, Blk.12, Hoteliers Village II, Bucandala, Imus, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of August 31, 2019 amounts to **ONE MILLION ONE HUNDRED FOURTY ONE THOUSAND THREE HUNDRED NINETY NINE PESOS & 22/100 (Php 1,141,399.22),** Philippine Currency excluding interest and penalties, attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the undersigned Sheriff will sell at public auction on **February 11, 2020 at 10:00 a.m** or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Aguinaldo Highway, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in the Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-471243**

"A parcel of land (Lot 17, Blk.2 of the subd. plan, Psd-042109-072663, being a portion of Lot 2396-B, Psd-72264, LRC Rec. No. ), situated in the Brgy. of Malagasang, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Bounded on the SW., along line 1-2 by Lot 18, on the NW, along line 2-3 by Lot 15, both of Blk. 2; on the NE., along line 3-4 by Rd. Lot 2; 5; on the SE, along line 4-1 by Lot 19, Blk.2, all of the subd. Plan. x x x containing an area of **SEVENTY FIVE (75) SQUARE METERS " x x x**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **February 18, 2020 at 10:00 a.m.** without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, November 12, 2019

**WILMAR M. DE VILLA**
Sheriff IV

APPROVED:
**REGALADO E. EUSEBIO**
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

**COPY FURNISHED:**
**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
5/F Filomena Bldg.104 Amorsolo St. Legaspi Village, Makati City

**SPS. HERMILA AND RAMON C. NOLASCO**
Lot 159-C Cecilia Curve, Don Jose Green Court, Sucat Parañaque City and/or Lot 17, Blk.12, Hoteliers Village II, Bucandala, Imus, Cavite

**Publication: HANEP** January 13, 20 and 27, 2020

# ROWING KAKASA SA 2020 TOKYO OLYMPICS

Ang pederasyon sa ilalim ng bagong nahalal na pangulo ni Patrick Gregorio, ay naglalayon ng pagiging kwalipikado sa tatlong mga paddler na nagambag ng gintong medalya kamakailan lang na edisyon ng biennial meet. Ang nag-iisa na kwalipikasyon ng Olimpiko para sa pag-roy ay itinakda ng tatlong buwan mula ngayon at ipinahayag ni Gregorio ang pangako na magbigay ng suporta sa lahat sa pag-bid ng mga Pilipino na kumita sa Tokyo bilang bahagi ng kanyang unang proyekto na pinuno ng kapisanan. "Kung papalarin, baka makakuha tayo ng isa pang kwalipikasyon para sa Tokyo Olympics," sabi ni Gregorio, ang dating PBA Board chairman at kasalukuyang secretary-general ng Philippine Olympic Committee (POC). Ang rowing president ay tumutukoy sa sinumang sina Joanie Delgaco, Melcah Jen Caballero, at Chris Nievarez, na lahat ay nanalo ng mga gintong medalya sa huling SEA Games at makikipag tagisan sa nag-iisang Asya at Oceania Qualification Tournament na itinakda sa Chungju, South Korea mula Abril 27 hanggang 29. Partikular na, sina Delgaco at Caballero ay may pinakamainam na posibilidad na maging kwalipikado sa dobleng sculls ng lightweight women (LW2x) matapos pagtapos sa ika-apat sa huling Asian Rowing Championships at ikawalo sa World Rowing Championships. Tatlong Asyano berths ay magiging up para sa grabs sa tatlong-araw na kwalipikasyon. "Kung matutuloy ang pagsasanay ng mga atleta, ang foreign coach na susunud at siyempre, ang suporta ng mga sponsor, talagang tiwala ako na maaari tayong maging kwalipikado (sa Olympics)," sabi ni Gregorio, na kasama ang tatlong paddler sa Philippine Sportswriters Association (PSA) Forum sa Amelie Hotel Manila. Ang mga pambansang coach na Con Connea at Ed Mayrina, kasama ang mga bagong nahalal na representante ng sekretarya-heneral at tagapamahala ng Magnum Membrere ay sumama kasama ang grupo sa sesyon na iniharap ng San Miguel Corp., Braska Restaurant, Amelie Hotel, at Philippine Amusement and Gaming Corporation ( PAGCOR). Samantala si Nievarez ay nakatakdang makita ang aksyon sa mga lightweight men's sculls (LM1x), kung saan may kabuuang limang Olympic berths ang nakataya para sa Asya. Si Benjie Tolentino ang huling tagalunsod ng Pilipino na kwalipikado sa Olympics sa panahon ng 2000 Sydney Olympics, kung saan nagtapos siya ng ika-18 sa mga solong scull ng kalalakihan. Parehong Delgaco at Caballero ay nagpahayag ng pag-asa ng optimismo tungkol sa kanilang mga pagkakataon lalo na sa suporta na nagmula sa PRA. "Walang imposible sa sports basta tinutukoy lamang ang lahat ng mga atleta. Exposure at patuloy na pagsasanay, walang imposible na makakaya na maging kwalipikado sa Olympics, "sabi ni Caballero

## Hari at Reyna sa 42nd National Milo Marathon Finals kinilala

**KINILALA** ang bagong Hari at Reyna na sina Jerald Zabala Christine Hallagos para sa men's at women division sa nakaraang 42nd National Milo Marathon Finals. Na ginanap sa Tarlc City

Pinangunahan ni Jerald Sabala sa kalalakihan ang pag tawid sa finish line sa oras na 2:31:16, na sinundan ng gahiblang minuto ni Richard Salano 2:31:17 pumangatlo si Jeson Agravante sa oras namang 2:31:55

Ang nalalabi sa top 10 men finisher ay sina Florendo Lapiz, Arlan Arbolis, Bryan Quiamco, Richard Languido, Prince Joey Lee, Joselito Dugos, at Anthony Nerna.

Samantala si Hallasgo, na nanguna sa Manila Milo eliminations, na nag-clock 2:52:53 upang talunin ang nagwagi noong nakaraang taon na si Mary Joy Tabal. Nag-clock si Tabal ng 2:58:49 upang magpa-post ng pangalawang puwesto habang si Christabel Martes, na pinalaki sa La Trinidad, Benguet, ay nag-clock ng paghabol sa pangatlo. Si Martes, 3 oras 05 minuto at 40 segundo, ay isa sa mga pinakamahusay na babaeng marathoner na nagtatag ng dalawang nakatayong pambansang talaan, ang 10,000-meter na tumakbo sa 34: 40.2 at marathon sa 2:38:44.

Ang natitira sa top 10 women finisher ay sina Maricar Camacho (3:18:40), Abela Lizano, Abril Rose Diaz, Eva Marie Villarin, Stephanie Cadosale, Lani Adiwag, at Maria Cecilia Cardo.

Ang Milo Marathon ay nagsimula sa Maynila noong Hulyo 28 noong nakaraang taon, na may ilang mga kaganapan sa iba't ibang mga lalawigan, kabilang ang Zambales, Pangasinan, Quezon, Batangas, Cebu, at ang mga lungsod ng Iloilo, Davao, General Santos, at Cagayan de Oro.



**NCAA VOLLEYBALL - UMAGAP** sa pag spike si Arellano spiker Charmina Dino habang hindi nadepensahan ng katunggaling si Karyla Jasareno ng JRU sa maaksyong tagpo nila sa NCAA Season 95 women's volleyball preliminary tinalo sa 3 sets 19-25,16-25, 17-25 ng Arellano University ang Jose Rizal University **(RGN)**



**TOPS GUEST - IPINALILIWANAG** ni Takbo Para sa Kalikasan Green Media Events Jenny Lumba ang magaganap na patakbo sa darating na Mayo 31 kung saan ay first series ng event nito ay gaganapin din ang pagsuporta nila sa LGBTQ sa Pebrero 16 sa CCP Complex Pasay City maging ang nakahanda pang 7 fun run na sa buong taon 2020 na may ibat Ibang talaan. Kasama nito sa pagdalo sa 52nd "Usapang Sports" Tabloids Organization in Philippine Sports (TOPS) sa NPC Intramuros Manila si Fritz Labastida ng running ambasaddress at tinaguriang barefoot diva ng event.

**VICTORY CELEBRATION - HAWAK** ni team captain Joe Devance ang championship trophy sa makaraan ang pag celebration sa Metrowalk matapos masungkit ang kampeonato kamakailan kontra Meralco Bolts sa game 5 ng 2019 PBA Governors Cup. **(RGN)**



# HANEP SPORTS

Sports Editor: RGN

Email Add: hanepsports2017@gmail.com

## Pinoy 3rd Placer sa Singapore Rapid Chess

**TUMAPOS** si Arena Grandmaster (AGM) Roberto Suelo Jr. ng Pilipinas sa 3rd overall sa tinampukang leong @64 Rapid Chess Challenge 2020 na ginanap sa Ang Mo Kio Community Club sa Singapore

Nakapagtala ang 1996 Philippine Junior champion na si Suelo ng 6.0 points mula sa 6 wins at 1 loss sa 7 outings, subalit nakamit ang 3rd dahil sa lower tie-break kontra kina eventual champion Grandmaster (GM) elect at International Master (IM) Kevin Goh Wei Ming ng Singapore at 2nd place Fide Master (FM) Ashvin Sivakumar ng Singapore.

Matapos makapagtala ng anim na sunod na panalo, si Suelo ay nabigong makopo ang championship trophy matapos yumuko kay Kevin sa final round.

Naghati ang talo sa combined prize 2,000 Singapore dollar (P78,000) para sa first hanggang third placers.

Ang 1-day rapid event (25 minutes time control format) na suportado ni Filipino Jaime "Bong" Tiburcio ay isinagawa kaalinsabay ng pagdaraos ng 64th birthday celebration ni Fide Master (FM) Ignatius Leong. Ang tournament director ay si Mr. Philip Chan habang ang Chief Arbiter ay si Gan Yeow Beng na ang assistant ay si Filipino arbiter Erwin Tabor.

Sa Youth Challengers section ay nanaig si Jayson Jacobo Tiburcio ng Pilipinas kontra kay Chen Meng Ren Morgan ng Singapore sa seventh at final round para makisalo sa top spot kay Rahul Lakshminarasimhan ng Singapore na kapwa nakapagtala ng identical 6.5 points. Base sa tournament's official ranking ay si Lakshminarasimhan ang naging meet's top finisher na may naikamadang tiebreak score 24.5 kontra kay Tiburcio na 24.0) **Marlon Bernardino)**




**ANG KING at QUEEN** na sina Jerald Zabala at Christine Hallasgo makaraang manguna sa katatapos na 2019 National Milo Marathon Finals sa Tarlac City. Kung saan ay naorasan sila sa magkakahiwalay na oras 2:31:16, 2:52:23 **(RGN)**

# KALUSUGAN NG MGA ESTUDYANTE NG CARMONA, TINIYAK NI MAYOR LOYOLA

